


**Abstract**

This literary work hopes to convey the different stories a frontliner hears in her tour of duty. These stories offer different perspectives of how patients, relatives, and families struggle with this relatively new pandemic. Names and identifying characteristics of the patients were changed, and any similarities to actual persons or events are unintentional.

**Keywords**

COVID-19, frontliner, pasyente/patient, ospital/hospital, pandemya/ pandemic

**English title**

A Story for Every Room

# KUWENTO BAWAT KUWARTO

**MICHAELA ANN A. GONZALES-MONTALBO, MD**

“SAAN PO SIYA MAPAPALAGAY?” ang narinig kong tanong ng isang kamag-anak sa kapwa kong doktor.

“Sa COVID ward po, Ma’am.”

Yumuko ako at umuna na, palayo sa emergency room.

Ngayon ay simula na ng perpetual duty ko sa COVID ward. Kaninang umaga’y nakapagpaalam na ako sa aking pamilya. Inihabilin ko na ang aking sanggol na anak sa aking mga magulang. Bitbit ang maleta, unan, at kumot; ako’y lumisan patungo sa isang pintuang gawa sa kahoy. Isang papel na nagsasabing “Employees Only” ang nakapaskil sa unahan. Pagkapasok ay bumulaga sa’kin ang sampayan ng mga damit ng mga doktor at nars na nag-perpetual duty. Ilang araw na din silang hindi umuuwi. Sa isang mesa ay naghihintay na ang aking mga doktor na aming papalitan.

Isang pamilyar na mukha ang aking nakita na may ngiting tila abot hanggang tenga. Tumayo siya at kinuha ang aking maleta. Isang halik ang ipinaabot sa aking pisngi. “Kumusta?”

"Ayun, nasa mga inay na si MJ. Inayos ko na rin ang dorm. May bagong kumot at unan at baong pagkain na doon para sa iyo," sagot ko sa asawa kong kapwa kong doktor.

"Toxic. Namatay 'yung isa kong pasyente kanina. Ang bilis. Kaka-admit lang, wala na," aniya. "Nakakaawa anak niya. Hagulgol sa telepono."

Pinisil ko ang kamay niya saglit. "Ginawa mo naman lahat ng kaya mo, sigurado ako. Endorse ka na, para makauwi na rin kayo." Wala namang doktor ang magpapahamak sa pasyente niya. Pagkatapos niyang mag-duty ng limang araw na magkakasunod, quarantine muna siya sa dormitoryo bago umuwi sa anak namin.

Umupo na kami kasama ng iba pang doktor at sinimulan na ang endorsements. Simula na ang limang araw na duty dito sa COVID ward.

---

Ramdam ko ang init ng aking hininga sa mask, sa iilang minuto lang ay napakabigat maglakad, at bawat hangin ay hinahabol. Dinig ko ang kuskos ng hazmat habang ako'y humahakbang papunta sa unang kuwarto. Napakalaki para sa akin; pero lahat ng PPE ay donasyon, at ito na ang pinakamaliit.

Iniwan na sa akin ng aking asawa ang kanyang mga pasyente, mga pasyenteng aking kikilalanin pa lamang.

Nakilala siguro ng isang nars ang lakad ko at biglang tumawag, "Doktora! Kararating lang po ng ACS natin. Hapo po."

Acute Coronary Syndrome daw. May inatake sa puso. "Saan po, Ma'am? Intubatable? Puntahan ko na po."

Dinala ako ng nars sa pangatlong kuwarto sa dulo. Sa exit sa dulo, kita ko sa salamin ang mga mukha ng isang pamilyang bakas ang alala. Hindi ko muna sila pinansin.

Isang lolo ang nakaupo sa kama, nakasubsob sa isang lamesa, pawisan at hingal na hingal. Isang kamay ang nakatuon sa kanyang dibdib.

"ECG, Ma'am!" Tawag ko sa nars. Nilapitan ko na agad ang lolo. "Tatay, tatay, ano pong nangyari? Kailan po nagsimula ang pananakit ng dibdib? Higa po muna. Itataas ko na lang po ang unan ninyo."

"Mainit! Mainit!" Isang magaspang na naghihingalong boses ang sumagot sakin. "Di ako makahinga!"

Kailangan niyang matubuhan. Ang ECG kong ipinakuha agad-agad ay kinumpirma na malaki ang atake sa puso ng pasyente. Na-swab na ang pasyente sa emergency room, ngunit wala pang resulta kung ito ay

COVID. Sinabi ko sa nars ang mga gamot na kailangang maibigay na agad. Kailangan ko ring kausapin ang pamilya niya.

Sinubukan kong ipaliwanag ang sakit niya at itinanong ko, “Tatay, papayag ba kayo magpatubo? Para po makahinga kayo nang ayos at di mahirapan ang puso ninyo.”

“Hindi, hindi na, electric fan na lamang,” giit niya.

“Ngunit, tatay, hapong-hapo po kayo. Bumaba na po ang oxygen ng katawan ninyo. Kapag po naman kayo ay umayos at nalagpasan natin ito, aalisin din naman po ang tubo,” paliwanag ko. “Parating na rin po ang mga gamot para tunawin ang bara ng puso, at para po mas gumaan ang sakit sa dibdib.”

“Anong sabi ng anak ko?” sabi niya. “Hindi ko alam, hindi ko alam, gusto ko lang huminga na. Mabigat, mabigat!”

“Kakausapin ko po ang anak ninyo, saglit lang po, babalikan ko kaagad kayo.” Nakasalubong ko agad ang nars. Sa kamay niya ay nakatimpla na ang gamot, pang-BP at iba pa. Sayang at kulang sa cardiac monitor ang ospital. “Ma’am, may numero kayo ng kamag-anak?”

Itinuro niya sa’kin ang pamilya sa pintuan sa dulo kanina. Sila pala ang kamag-anak, kaya pala hindi maipinta ng mukha nila.

Dumungaw ako sa pintuan. Tila isang barangay ang sumalubong sa’kin noong itinanong ko kung sino ang kamag-anak ng pasyente. Ipinagbigay-alam ko na sa kanila ang sitwasyon ni tatay, ngunit di sila agad makapagdesisyon kung patutubuhan nila. May isang umiiyak, may isang may hawak ng rosaryo, ang mga lalaki naman ay matitigas ang mukha at hindi rin alam ang gagawin.

May nagmamadaling dumating na dalaga sa kanila. “Ano? Nasaan na ang tatay? Kuya, ano ba ’yan! Bakit ngayon n’yo lang sinabi! Di ko pa siya nakakausap o nakikita man lang!” Namamaga ang mata niya, at palagay ko ay tumakbo siya nang napakalayo.

“Ayun nga, kailangan daw tubuhan, inatake daw sa puso,” paliwanag ng kapatid na lalaki.

“O ano?! COVID ba?! COVID ba?!” giit niya.

“Wala pa pong resulta, Ma’am, ngunit kaya po siya naging suspect sa COVID ay dahil sa hapo niya,” paliwanag ko.

“Doktora, baka puwede po, gusto lang namin siya makausap,” ibinibigay niya sa’kin ang kanyang cellphone. “Dali na po, para rin po makapagdesisyon kami kung patutubuhan namin siya.”

Nahabag ako at kinuha ko ang cellphone. Tumakbo ako sa kuwarto ng pasyente. Napatigil ako. Nasaan si tatay?

"Tatay? Tatay!" Sinilip ko ang pintuan. Tama naman ang kuwarto. Napansin kong bukas ang banyo. Dali-dali akong tumakbo, at nandoon nga si Tatay. Nakahandusay siya sa sahig. Ang suwero ay nakatanggal, at mukhang binunot niya. Bukas ang gripo at tila nagtangka siyang kumuha ng tubig. Nanlalamig ang kanyang mga kamay at binti.

"Nars! Nars!" sigaw ko. "Tulong! Tulong!"

Pinakinggan ko kaagad-agad ang puso niya. Walang tibok. Malalaki na ang itim ng kanyang mga mata.

"Nars! Code, code!"

Nagtakbuhan ang mga nars sa akin. Nagsimula na ng pagbomba o chest compressions. Sa mesa, tumutunog ang cellphone ng dalaga.

Ano pa bang magagawa natin kung hindi subukan siyang ibalik? Para makausap nila. Sana makausap pa nila. Bawat bomba. Bawat panalangin na magkaroon muli ng tibok. Ako na mismo ang sumagot sa cellphone, at nagpakilala bilang ang doktor kanina. Ipinaliwanag ko ang nangyari.

Hagulhol ang dalaga. "Ano ho! Nako, ang tatay, ang tatay! Hindi ko na nakausap, ano ba 'yan, di ko na nakausap! Gawin n'yo po lahat, dok, please po! Parang awa n'yo po! Marami pa 'kong sasabihin!"

Naubos na ang epinephrine at matapos ang ilang minuto, tila malayo na ang narating ni Tatay. Ang bangkay niya ay payapa na, ngunit sa mukha niya ay nakaukit ang sakit na dinaanan niya.

Parang tumigil ang ingay ng mundo nang pinuntahan ko ang pamilya sa dulo at iniabot ang cellphone. Wala pa akong nasasabi ay nahulaan na nila. Nanginginig na kinuha ng dalaga ang kanyang cellphone. "Hindi na namin siya nakausap bago siya umalis, hindi man lang, hindi man lang . . ." paulit-ulit niyang sinasabi.

Kinausap ako ng lalaking anak. "Doktora, puwede po bang iburol si tatay? Kailan po ang labas ng resulta?"

Sa dami ng COVID suspects, siguro pinakamabilis na ang tatlong araw. Hindi pa rin pinapayagan ang burol. "Cremation po," sagot ko.

"Hindi rin namin siya makikita?!" iyak ng dalaga. "Doktora, bakit?! Bakit?! Hindi naman siya COVID pa!"

Ipinaliwanag ko kung bakit. Alam kong kulang ang oras nilang ipagluksa ang pasyente, ngunit para din ito sa kanila. Ako ay humingi ng tawad, pero iyon ang protocol. Iniwan ko silang mabibigat ang dibdib.

Habang inaayos ang death certificate, di ko matiis isipin ang mga dapat. Dapat ICU sana, ngunit kagagawa nga lang ng COVID ward na ito, wala pang ICU pang-COVID. Dapat sana may nakatutok. Paano? Kulang

pa sa gamit, kulang ang tao. Sana nakausap nila. Sana nakita nila. Kahit papaano. Pero paano nga?

---

Pangatlong pintuan sa kaliwa. Papunta pa lang ako ay dinig ko na ang isang boses na sumisigaw, puno ng himutok. "Ano ba 'yan! Bakit ang tagal-tagal dito! Kasi government hospital! Mababagal kayo, ang kukupad!"

Nagulat ako nang biglang lumabas ang isang ale na nakadaster at walang face mask sa pasilyo. May mga nars na nakakita at nagulat din.

"Ma'am, pasok po kayo, bawal po—"

"Anong bawal?!" matigas na sigaw ng ale. "COVID negative nga ako! Bakit ayaw n'yo pa 'ko pauwiin! COVID, COVID! Walang COVID!"

Ah, ito pala si Ma'am Gertrude. Pangalawang beses na iyang na-swab para sa COVID. Ang unang resulta ay negatibo, ngunit may konting hapo pa rin siya at ang kanyang X-ray at CT Scan ay namumuti na mala-COVID. Ipinaulit tuloy ng mga espesyalista ang kanyang swab test. Dapat ay lalabas na ngayon ang resulta ng pangalawang swab, ngunit huli kong tingin ay wala pa.

"Ano ba 'yan! Ilang araw na! Ganito ba talaga sa gobyerno?! Puros kapalpakan!" sigaw niya.

"Ma'am, pasok po kayo sa kuwarto ninyo!" Isang malaking nars na ang lumapit sa kanya.

"Huwag mo akong uutusan!" Dinuro ng kanyang daliri ang nars. "Kasalanan ninyo ang COVID na ito!"

Hindi na 'ko nakatiis at bumilis na ako sa paglalakad papunta sa kanya.

"Ma'am, magandang umaga ho, ako na po ang doktor ngayon, pasok muna—"

"Ayan, eto pala ang doktor!" sigaw niya. "Ano, dok!? Nasaan na ang swab test ko?! Ikinukulong n'yo kami dito!" Sa dulo ng pasilyo, narinig ko ang iyak ng isang sanggol, mukhang nagising sa sigaw ng ale.

"Ma'am pasok muna po kayo, para maipaliwanag ko po, para din po ito sa inyo." Nilakasan ko na ang boses ko.

Nagdadabog siyang pumasok. "Nasaan na ang resulta?"

"Ma'am, kakasilip ko lang po, wala pa pong dumadating—"

Nagmura ang ale.

"—ngunit, ngayong araw din po natin iyon makukuha. Konting tiis lang po. Hintayin n'yo po," sabi ko.

"Pangatlong araw na ngayon, doktora, anong balak n'yo sa'kin gawin dito!" sigaw niya. "May pamilya din ako! May anak ako! Samantalang kayo dito, ang kukupad ninyo!"

Gusto kong magalit, ngunit alam kong natatakot din siya. Ipinaliwanag ko ulit. "Ma'am, mukha po kasing COVID ang nasa X-ray, pati sa CT Scan ng baga ninyo. Espesyalista na po sa Infectious at sa baga ang nagrekomenda na ulitin. Di ba po ipinaliwanag din nila iyon harap-harapan sa inyo? Iyon naman po ay para sa inyo, at oo, Ma'am, para din po sa uuwian ninyong pamilya."

"Negative na nga—"

"Kaya nga po ipinaulit," giit ko. "Paano po kung positive? May posibilidad po kasi na maaga kayo na-iswab noong una kaya negative. Kung pinauwi agad po kayo at positive, paano na po ang pamilya ninyo?"

"Eh nasaan na nga ang resulta!"

"Wala pa po, pero darating na rin po mamaya, konting hintay na lang po," sabi ko. "Lahat naman po ay ginagawa namin sa lahat po ng makakaya—"

"Kinukulong n'yo lang kami! Siguro tama sila! Gawa-gawa n'yo lang itong COVID! May module pa ang anak ko! Hinihintay ako ng asawa ko!"

"Sige, Ma'am, sabihin mo iyan, sa mga pamilyang namatayan dahil sa COVID." Hindi ako nakatiis. "Hindi rin po namin iiwan ang mga pamilya namin kung gawa-gawa lang ang COVID. Ang mga nars na pinagduduro n'yo kanina ay may pamilya din po. Sila po ay kulang na kulang na din, at ilang araw na silang nagdu-duty. Walang uwian, isang linggo. Pagkatapos ay di rin makauuwi, quarantine pa. Pagod pa sila. Kulang pa ang suweldo."

Napaiyak sa galit ang ale. Tama ako, takot lang din siya. Alam ko naman na may kabaitan din naman siya, kahit papaano, kahit ganoon ang sinasabi niya. "Gusto ko nang umuwi, pauwiin n'yo na 'ko."

Naging malumanay ang boses ko at lumapit sa kanya. Gusto ko siyang yakapin kahit saglit. Alam kong takot lang siya. "Konting tiis, Ma'am. Ayaw n'yo rin naman magkasakit ang anak ninyo. Alam kong mahirap din na nasa isang kuwarto ka lang at walang mapagsabihan ng mga hinaing ninyo. Pramis po, pagkalabas na pagkalabas ng resulta, sasabihan ko kayo."

Ilang minuto ko din siyang pinakalma. Hindi naman na siya hapo at kaya nang walang oxygen, ngunit wari ko ay kailangan niya ng kausap. Hindi rin niya alam ang iisipin.

Kumatok ang nars sa pinto. Iniabot na sa akin ang hinihintay na resulta. POSITIVE. Naaawa akong ibinalita sa pasyente.

Kung kanina'y tumahan na, humagulhol na nang panibago ang ale, wala nang galit, tanging hinagpis na lang. "Bakit? Bakit positive? Ang anak ko, ang anak ko, ilang araw pa?"

Tanggap na niya, alang-ala sa kanyang asawa't anak, na hindi pa siya makauuwi.

---

Pangalawang kuwarto sa kanan. Isang napakapayat na lolo na nakabaluktot sa kama ang bumungad sa'kin. Halos buto't balat na lang, ngunit ang balat nama'y napakaraming sugat sa likod, sa siko, at sa mga binti.

Bumukas ang pinto ng banyo at may pamilyar na babae ang lumabas. "Ay, dok, magandang umaga po. Naligo lang po ako, kakapalit ko rin lang po ng diaper ng Itay."

Isang bantay. Nakita ko na siya dati, sa wari ko.

"Magandang umaga rin po, Ma'am, nakita ko na ba kayo dati?"

Natawa siya. "Si Nanay Consolacion po."

Consolacion . . . Consolacion . . . "De Chavez! Nagda-dialysis ka 'no?" Aha! Tanda ko na! Bantay siya ni Nanay Consolacion, ang isa sa mga matatagal na naming pasyente dito. Simula 'ata ng pagiging residente ko ay nandito na si Nanay. Kami pa ang nakapagpa-dialysis sa kanya. Oo, tanda ko, ipinaghingi pa namin si Nanay ng catheter na donasyon para sa kauna-unahang dialysis nito, mga tatlong taon ang nakalilipas.

Napatingin tuloy ako sa pasyente. Si Sir Dominiko De Chavez. "Ah, asawa ni Nanay?" Tumango ang dalaga. "Ma'am Fe nga po, ano?" sabi ko ulit, hinugot ko ang pangalan niya sa aking memorya. Natatawa ulit siya. "Opo, dok, ako na nga po ito ulit."

Napatingin ulit ako kay Itay. Oo nga, kahit kailan ay hindi ko nakita dati ang asawa ni Nanay Consolacion, kahit noong nag-agaw-buhay siya sa ICU bago ma-dialysis. Si Ma'am Fe ay ang laging bantay. Siguro ay napansin ni Ma'am ang aking pagtataka kaya sabi niya, "Lagi po kasi sakitin si Itay. Dalawang beses na po siya nagamutan para sa TB, pero hindi po nawawala. Anim na buwan na rin pong hindi nabangon si Itay sa kanyang higaan."

"Bakit po naging bedridden si Itay?" tanong ko.

"Nako, doktora, talagang matagal na po siyang mahina. Dati po ay hindi niya na kayang maglakad, tapos biglaan na lang pong di na niya

kayang tumayo, hanggang upo na lamang. Pagkatapos po, napansin po naming di na niya kayang umupo, hanggang higa na lang. Nagkakaroon din po siya ng maraming sugat sa katawan. Na-stroke din po si Tatay noong isang buwan, kaya hindi na rin po makaimik. Hindi na po namin siya isinugod sa hospital kasi nga po quarantine tapos COVID. Napakabuti nga po ng Diyos, akala namin mawawala siya sa amin, pero buhay pa rin siya. Nu'ng isang araw naman po, ayun, inubo po nang inubo pagkatapos po ay hinapo. Napilitan na po kaming dalhin dito," ani Ma'am Fe.

"Ah, ganoon po ba?" Lumapit ako kay Itay at sinimulan ko siyang i-eksamen. Matamlay ang kanyang mga mata, tila di na niya alam ang mga nangyayari. "Magandang hapon, Itay!" Tinitigan niya lang ako. Mahalak ang baga ng pasyente noong inilapit ko ang aking stethoscope. Ang mga sugat niya'y malalaki at maraming nana. Mukhang napakalubha ng kanyang impeksiyon. Kailangan ng mataas-taas na antibiotic dito. Tumingin muli ako kay Ma'am Fe. "Kumusta naman po pala ngayon si Nanay Consolacion?"

"Naka-admit din po, dok" sagot niya.

"Ha?" Nagulat ako. "Eh sinong nagbabantay? Bakit naka-admit?" Ngunit wala naman siya sa mga pangalan ng mga pasyente sa COVID ward.

"COVID negative naman po, dok, nasa charity ward po," sabi ni Ma'am Fe. "Ngunit hindi po kasi siya nakapag-dialysis ilang linggo na po, dahil nag-lockdown po sa barangay namin. Buti nga po ay negatibo at di nahawa dito kay Itay. Inihiwalay naman po namin sila ng kuwarto sa bahay. Kapitbahay po ngayon ang bantay. Ako na lang po kasi ang naiwan na anak. Lahat po ng aking kapatid ay may sari-sarili nang pamilya."

"Nako, Ma'am Fe, sana po ay gumaling na si Nanay Consolacion. Napakabuti n'yo pong anak." Labas-pasok si Nanay Consolacion noong nakaraang taon sa ospital. Kung matagal na ring may karamdaman si Itay, mukhang si Ma'am Fe ang naging punong-abala sa pag-aalaga. Siguro ay kinalimutan na rin ni Ma'am ang kanyang mga sariling plano, at ibinuhos ang kanyang oras sa pag-aalaga ng magulang.

"Sana pati rin po si Itay, para sabay-sabay na kaming umuwi. Mahirap po kasing ako lang talaga nag-aalaga, tatlo lang po kami sa bahay. Wala din po akong trabaho ngayon. Di ko pa po alam saan kukunin ang panggastos sa kanila, kaya dito po kami sa ospital ninyo humingi ng tulong," sabi niya, pumipiyok na ang kanyang boses.

"Huwag kayong mag-alala, Ma'am Fe, gagawin natin lahat," sabi ko. "Pero pati kayo ay kailangang magpa-swab po ha? Kasi po kayo ang bantay dito ni Tatay."

"Opo, alam ko kasi hindi po talaga makakagalaw 'yan si Itay. Pumirma na lang po ako ng waiver para po mabantayan ko nga," sabi niya. "Payag din po ako, doc, magpa-swab. Sana po ay negative po."

Tumango ako at ipinaliwanag ang mga ibibigay kong gamot kay Itay, pati ang mga planong referral para sa tuberculosis at sa kanyang mga sugat. Sumang-ayon naman si Ma'am Fe. Marami nang pinagdaanan ang kanyang pamilya, nakamamangha ang lakas ng resolba niya. Kung tutuusin, ang laban niya ay hindi lang para sa isang pasyente, kung hindi para sa kanyang ama't ina, na parehas malulubha ang kumplikasyon.

Bago ako umalis, biglang sabi ni Ma'am Fe, "Dok, salamat po talaga, kayo-kayo po ang mga tumulong sa amin, simula dati pa. Alam ko po, mahirap talaga ngayong pandemya, alam ko din po pati kayo nahihirapan. Gusto ko lang po malaman ninyo, maging kaming mga pasyente ninyo ay ipinagdadasal din po namin kayo, para po mas marami pa po kayong matulungan at mas marami pa kayong biyaya galing sa Diyos."

Nagpasalamat ako at napangiti. Isang mainit, masarap, at nakakaiyak na pakiramdam ang bumalot sa akin.

---

Katatapos ko lang magsulat sa chart ni Tatay Dominiko nang tinawagan ulit ako ng nars. "Dok, may bagong admission. Na-swab na daw po sa emergency room, wala pa pong resulta. Nandiyan na po sa kabilang kuwarto. Mukha pong kailangang tubuhan."

Napatayo agad ako at aking pinuntahan. Sinilip ko ang pangalan ng pasyente: si Ma'am Tricia Regalado, dalawampung taong gulang lamang. Isang mag-ina ang nadatnan ko sa kabilang kuwarto. Hapong-hapo ang isang dalaga sa kama.

"Magandang hapon po, Ma'am. Ako po ang magiging doktor ninyo. Ano po ang nangyari?" Lumapit ako sa nanay na hinihimas ang ulo ni sir sa alala.

"Isang linggo na po siyang nahihirapan huminga at nagmamanas po. Ngayon po ay hindi po niya kinaya," kuwento ng ina.

May nars na kumukuha ng blood pressure sa tabi. "Dok, 70/50 na po ang BP." Pinakinggan ko ang dibdib ng dalaga. Punong-puno ito ng tubig.

Nagpakuha ako sa nars ng ECG at inutusan ko na din kumuha ng gamot na pampataas ng BP.

"Isang linggo lang ba, Ma'am?" tanong ko sa ina. "Kumusta po siya noong mga nakaraang buwan? Unang beses po ba ito nangyari?"

"Nako, dok, hindi po," ani ng ina. "Siya po ay sadyang laging nagmamanas kapag hindi nakakainom ng gamot. Siya po ay may sakit sa puso, 'yung Rheumatic Heart Disease po ba, dok. May mga maintenance po siya, pero simula nag-lockdown, di na siya umiinom ng gamot po."

"Ah, naku, mahirap nga po ngayon lumabas, pero kailangan po talaga nu'ng mga maintenance niya. May listahan po kayo ng mga gamot? Patingin nga po ako. May pampaihi po ba siya doon?"

"Eto po, dok." May mga lumang reseta ang pasyente. Manipis na ang papel sa kakatiklop at malapit na itong mapunit. Ang petsa ay noong nakaraang taon pa. "Dok, nabibili ko naman po ang gamot. Hindi lang lagi, ang problema po, ayaw talaga po niya uminom."

"Ha? Bakit po?" Napatingin ako sa pasyente. Tinatanggal niya ang oxygen ngunit ilang segundo lang ibabalik na niya ulit ito. Hindi siya mapakali.

"Rebelde po kasi 'yan, dok," mahinang tugon ng ina. Nakababa ang tingin niya at naluluhang inamin sa'kin. "Lahat ng bawal ay ginawa niya. Malakas manigarilyo at uminom. Nagsubok din po iyan ng bawal na gamot kahit may sakit siya sa puso. Sumama pa po iyan sa girlfriend niya at isang buwan nawala sa bahay. Bumalik naman siya ngunit ganoon pa rin, balik pa rin sa dating gawi. Hindi ko na nga po alam ang gagawin ko. Lahat naman sinusubukan naming ibigay sa kanya. Noong nakaraang linggo, galing po kami sa isang doktor sa lugar namin. Pinagalitan na siya at binigyan ng gamot. Tumigil nga naman sa bisyo pero ayaw uminom ng gamot, hanggang sa nagkaganyan na po."

Habang nagkukuwento ang ina ay pinagmasdan ko ang hirap ng dalaga. Nakahahabag na nakahihinayang. Bata pa lamang ito. Humugot ako ng hinga. "Ma'am, hirap talaga siya. Hinahabol pa natin ang kanyang BP. Gusto ko pong maging normal ang BP niya para tuloy-tuloy po naming maibigay ang pampaihi po. Side effect po kasi noon ay mababang BP. Sa ngayon po, mukhang kailangan pong matubuhan siya. Hindi po kaya ng oxygen mask lang."

Napansin kong napaiyak ang dalaga, sinusubukan niyang humindi at pumalag sa oxygen ngunit talagang taas-baba ang kanyang dibdib. Ang ina ay nataranta. "Naku, dok, baka may iba pa po. Kaya pa po ba sa gamot lang?"

Dumating ang nars at ikinabit ang gamot na pampataas ng BP. "Pinapataas pa kasi natin, Ma'am, ang BP ni Tricia. Punong-puno po kasi ng tubig ang baga niya. Kailangang paihiin po, kailangang bawasan ang tubig, ngunit baka mas lalo pong bumaba ang BP at mas lalong pumalya ang puso," paliwanag ko.

"Kakausapin ko muna siya, dok, takot po kasi siya sa ganyan," sabi ng ina.

Ngunit hindi siya takot magbisyo, isip-isip ko. Hindi siya takot manigarilyo, makipag-inuman, lumayas sa bahay nila kahit may pandemya. Dala ng nars ang chart ng pasyente. Sinilip ko ang mga bagong dating na resulta sa dugo ng pasyente.

Naririnig ko ang ina na nagmamakaawa sa anak. "Tricia, please, mas makakatulong iyon sa iyo. Makinig ka naman. Para di ka rin mahirapan."

Ang tugon ni Tricia ay kapos na hinga, at malalim. "Gusto ko rin mabuhay, pero hindi ganito, hindi ganyan. Ayoko, Ma, itong oxygen na lang."

"Anak, hindi ka naman kasi nakikinig eh! Hirap ka nga sa oxygen na iyan. Para mas matulungan ka, narinig mo ang doktor. Ikaw naman kasi, hindi mo iniinom mga gamot mo. Ginawan na nga namin ng mga kapatid mo na makabili ng gamot, kahit napakamahal, kahit kapos ang pera, kahit maglakad na lang si utoy sa trabaho, para lang may panggamot ka!" giit ng ina.

"Basta, basta," sabi ni Tricia. "Hindi ako magpapatubo. Kung kukunin ako ng Diyos, e di iyon na. Pagod na rin akong mabuhay sa gamot. Puro gamot na lang."

Tumingin sa akin ang ina. "Dok, please, baka kaya pa po sa gamot? Hindi po niya talaga kaya daw."

Tiningnan ko ang anak na hirap na hirap huminga ngunit parang walang takot ang mata. Ang ina naman ang siyang parang aatakihin sa pag-aalala. Patuloy ang himas niya sa ulo ng dalaga. Lumapit muli ako at ipinaliwanag ang kagandahan kung matutubuhan siya ngayon. Unti-unti kong ipinaliwanag kung bakit isang sugal na hintayin pang mas lumala ang kanyang sakit, habang tuloy ang akyat-baba ng dibdib ng dalaga sa hingal. Ngunit sa kabila ng lahat, ang dalaga ang nasunod. Hindi sila nagpakabit ng tubo.

Hindi pa ako tapos sa order sheet ko para sa pasyente sa nurse station ay sumigaw na ang ina ng nars.

"Dok! Wala na pong pulso!"

Dali-dali naman akong pumunta. Pinasimulan ko na ang pagbomba ng dibdib. Tarantang umiiyak ang nanay. Ipinaliwanag ko. Mukhang di na nakabawi ang puso ni Tricia.

"Anak, anak, please," hagulhol ng ina habang pinapanood ang anak na binobomba sa dibdib. "Ibinigay ko naman lahat. Saan pa ba ako nagkulang? Kumapit ka, kayanin mo please!"

Ilang minuto ang nakaraan, hindi na namin mahabol si Tricia. Pangalawang bangkay ko na 'to sa araw na ito.

Wala akong maibigay sa kanyang ina kung hindi ang aking simpatiya at dasal. Sana naagapan ito, ngunit wika nga ni Tricia, ayaw niyang mamuhay na maraming bawal, na maraming iniinom. Sayang, napakabata niya pa. Marami pa sana siyang magagawa, makikilala, matutulungan, at mararamdaman. Sana malaya na siya ngayon, kung nasaan siya.

Pagkatapos ko kay Tricia, ilang pasyente pa ang aking tiningnan, lahat may COVID na:

Isang lolang ubo nang ubo na hinahanap ang kanyang asawa. "Doktor, halos isang linggo na kaming di nagkikita. Kami na lang ang naiwan sa mundong ito. Ang kaisa-isa naming anak ay kamamatay lang din sa COVID noong isang buwan."

Isang ina na pagaling na at nadatnan kong kausap ang mga anak niya sa chat. "Dok, kailan po kaya ako makakauwi? Pangwalong araw ko na po. Pansin ko po ay konti na lang ang ubo ko. Miss ko na mga chikiting sa bahay."

Isang ama na umiiyak sa may bintana. "Dok, positive daw po ang pamilya ko, asawa ko, at 'yung dalawa kong anak. Kinuha daw po sila kanina sa bahay para i-quarantine kung saan. Hindi ko pa po sila nakakausap. Laging busy ang cellphone. Di ko po alam saan sila dinala. Ako 'ata ang nagkalat sa amin."

---

Nagbigay ang kusina ng ospital ng konting panghapunan. Malalim na ang gabi, ngunit kalalabas ko lang, pati ang mga kapwa doktor ko. Sila rin ay nahahabag sa kanilang mga pasyente. Lumabas kami ng COVID ward, pawisan at basang-basa ang mga panloob na damit. Kailangan pa naming maligo para siguradong malinis. Pinilahan na namin ang banyo.

Sa aking cellphone, may missed calls na ang aking asawa at ang aking ina. Gusto ko na muli silang makita. Sa aking Facebook naman, nandoon ang update ng DOH sa mga kaso ng COVID. Sa comments section,

may mga nagsasabi: “Pinagkakakitaan n’yo lang kami! Gawa-gawa n’yo lang ’yang COVID na iyan! Huwag n’yong lokohin ang mga tao!” Hindi ko alam kung paano ba sila kakausapin, paano mo ipaiintindi sa kanila ang sitwasyon sa loob ng COVID ward, ang bawat paghihirap ng bawat pasyente, ng nars, ng doktor, wala bang halaga iyon? Para saan kung gawa-gawa lang?

Tinawagan ako ng doktor sa emergency room. “Dok, may bakante na po bang kuwarto diyan sa COVID ward? Balita ko, dok, may namatay daw po. May anim po kasing naghihintay dito sa emergency room, tapos po nasa trenta na po ang tumawag sa landline natin, nagtatanong ng bakante.”

Hay, napabuntonghininga ako. Limang araw pa. Dasal lang, ibibigay ko lahat sa limang araw ko. Nandito ako para magserbisyo, magsakripisyo, basta, basta—

Naisip ko ang aking iniwang anak, ang asawa kong kagagaling lang mag-duty sa COVID ward, ang ama’t ina at mga kapatid kong walang muwang sa mga kuwento bawat kuwarto dito.

Basta ligtas sila. Sana laging ligtas sila.

Napatingin ako sa listahan ko ng mga pasyente. Kanya-kanyang kuwento. Napadasal ulit ako: at sana mailigtas ko silang lahat.